

# Muntinlupa, kauna-unahang Lungsod na Kampeon ng Wika ng KWF

☒ Hinirang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang Lungsod ng Muntinlupa bílang kauna-unahang lungsod na *Kampeon ng Wika* nitong 20 Agosto 2015 sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

Tinanggap ni Jaime R. Fresnedi, Punong Lungsod ng Muntinlupa, ang pagkilala para sa lungsod. Ginawaran ang Muntinlupa dahil sa aktibo nitong pagpapalaganap at paggamit ng Filipino sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay mula pa nang maitatag itong lungsod noong 1995.

Patunay ang malawakang paggamit ng Filipino ng Muntinlupa sa pagsunod nito sa E.o. 335. Hinihimok ng E.o. 335 ang mga kagawaran, kawanihan, ahensiya, at instrumentalidad ng pamahalaan na gamitin ang wikang Filipino sa lahat ng opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Dumalo sa paggawad sina Purificacion G. Delima, Full-time na Komisyoner at Roberto T. Añonuevo, Direktor Heneral ng KWF.

Kinikilala ng gawad ang mga indibidwal at/o institusyon na nagsasagawa ng mga makabuluhang hakbang sa pagtataguyod at pagpapalaganap ng wikang Filipino. Ngayon pa lámang kinilala ang isang lungsod sa Filipinas bílang Kampeon ng Wika.

Retrato: Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa. Mula sa [muntinlupacity.gov.ph](http://muntinlupacity.gov.ph)